



Gabay sa Pamamahala ng Pera

para sa mga Migranteng Kasambahay





Panimula

Bilang isang kasambahay na kumikita sa Singapore, mahalagang maipon ang pinaghirapan mong pera upang masuportahan mo ang iyong sarili at ang iyong pamilya sa bansang pinagmulan mo.

Sa gabay na ito, mahahanap mo ang madaling-sundin na mga hakbang at kapaki-pakinabang na payo para sa iyo upang simulan ang iyong paglalakbay patungo sa pinansiyal na seguridad.

**Ang impormasyon ay tama sa panahon ng pag-imprenta*



Nilalaman



BAHAGI I: ITAKDA ANG IYONG MGA MITHIIN

Ilarawan ang iyong mga _____ 06
Pangarap

Piliin ang mga S.M.A.R.T Goal 08

Itakda ang Iyong Buwanang _____ 10
Mithiin ng Pag-iipon

BAHAGI II: GUMAWA NG PLANO UPANG MASIMULAN ANG PAG-IIPON

Alamin ang iyong mga _____ 12
"Kailangan" at
mga "Gusto"

Magtala ng Iyong _____ 13
Paggastos

Gumawa ng Badyet _____ 14

Mag-iipon _____ 15
Pa Bawat Buwan

Magbukas ng Bank Account 16





BAHAGI III: PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI AT ANG IYONG PERA

Protektahan ang Iyong Sarili 17
mula sa mga Emergency

Huwag Mangutang _____ 19
mula sa Hindi-Lisensyadong
Nagpapautang

Mag-ingat sa _____ 20
mga Online Loan Scam

BAHAGI IV: IHANDA ANG IYONG SARILI PARA SA TAGUMPAY

Maging Positibo at _____ 22
Manatiling Bukas ang
Isipan




BAHAGI I: ITAKDA ANG IYONG MGA MITHIIN

Ilarawan ang Iyong mga Pangarap

Magsimula sa pamamagitan ng pagsulat ng iyong mga pangarap. Maaari mong gamitin ang mga katanungang ito upang matulungan ka.

a) Bakit mo piniling magtrabaho sa Singapore?

b) Ano ang nais mong makamit pagkatapos magtrabaho rito?



c) Gaano katagal mong gustong magtrabaho rito?

d) Ano ang gusto mo para sa iyong sarili at sa iyong pamilya sa hinaharap?

Kung hindi ka sigurado kung saan magsisimula, gumawa ng dream board! Tutulungan ka nitong ilarawan ang iyong kinabukasan.

Piliin ang mga S.M.A.R.T Goal

Magkakaroon ka ng pinakamagandang pagkakataon na tuparin ang iyong mga pangarap kung itatakda mo ang mga S.M.A.R.T goal.

Gamitin ang tsart sa ibaba upang pumili ng 3 mithiin na nais mong makamit sa loob ng 2, 5 o 10 taon mula ngayon.



TIYAK

Ano ang nais kong makamit?

NASUSUKAT

Paano ko malalaman na nakamit ko na ang mithiing ito?

NAKAKAMIT

Paano ko makakamit ang mithiing ito?

NAAANGKOP

Mahalaga ba para sa akin ang mithiing ito?

TAKDANG PANAHON

Kailan ko makakamit ang mithiing ito?



Isulat ang iyong mga S.M.A.R.T. goal sa talahanayan sa ibaba at kalkulahan kung magkano ang perang kakailanganin mo upang maabot ang mga ito. Maaari mong tantyahin ang halaga ng pera na kailangan, kung hindi ka sigurado.

LAYUNIN	PANAHON (2, 5, o 10 taon)	KAKAILANGANING PERA
<i>Pondo para sa Emergency Saving</i>	2 taon	\$1,200
<i>Bayarin sa paaralan ng anak na babae</i>	2 taon	\$960

Maging ambisyoso ngunit makatotohanan! Piliin ang pinakamahalagang layunin para sa iyo ngunit tandaan na dapat makakaya silang makamit.





Itakda ang Iyong Buwanang Mithiin ng Pag-iipon

Ngayong alam mo na kung magkanong pera ang kakailanganin mo para sa iyong mga mithiin sa hinaharap sa loob ng 2, 5 o 10 taon, nakahanda ka na upang itakda ang iyong buwanang mithiin ng pag-iipon.

Ito ang target na halaga na dapat mong pagsumikapang maipon sa bawat buwan.



Mga Halimbawa:

S.M.A.R.T GOAL	PANAHOON	TAUNANG MITHIIN NG PAG-IIPON	BUWANANG MITHIIN NG PAG-IIPON
<i>Bayaran ang mga bayarin sa paaralan ng anak na babae</i> \$960	<i>2 taon</i>	$\$960 / 2 \text{ taon} = \480	$\$480 / 12 \text{ buwan} = \40
<i>Bumili ng lupain</i> \$3000	<i>5 taon</i>	$\$3,000 / 5 \text{ taon} = \600	$\$600 / 12 \text{ buwan} = \50
<i>Magtayo ng manukan</i> \$7,200	<i>10 taon</i>	$\$7,200 / 10 \text{ taon} = \720	$\$720 / 12 \text{ buwan} = \60
			Kabuuan =\$150

Kung uunti-untiin mo ang iyong pangmatagalang mga layunin bilang buwanang mithiin ng pag-iipon, mararamdaman mo na mas madaling makamit ang iyong mga pangarap!

BAHAGI II: GUMAWA NG PLANO UPANG MASIMULAN ANG PAG-IIPON

Ngayon na naitakda mo na ang iyong buwanang mithiin ng pag-iipon, ang iyong susunod na hakbang ay ang magsimulang mag-iipon pa at bawasan ang paggastos.

Alamin ang Iyong mga “Kailangan” at mga “Gusto”

Makakatulong ang pag-alam kung aling gastusin ang mga “Kailangan” at mga “Gusto” sa pagdesisyon mo magkanong pera ang dapat mong gastahin.

Ang “Kailangan” ay isang bagay na kailangan mo upang mabuhay at kumilos.

Hal. Pagkain, gamit sa banyo at mga sanitary item para sa iyong sarili

Hal. Ang mga gastusing medikal ng iyong pamilya

Ang “Gusto” ay isang bagay na magandang mayroon ka ngunit maaaring hindi naman kinakailangan.

Hal. mga bag, alahas o iba pang pares ng sapatos



Bawat dolyar na ginagasta mo ay pinagpaguran mong pera, kaya naman gastahin ito nang tama. Ang paggasta nang labis ay maaaring magdulot ng mga problemang pinansyal at stress.

Magtala ng Iyong Paggastos



Ang pagkakaroon ng rekord ng iyong paggasta ay makakatulong sa iyo na malaman kung saan napupunta ang iyong pera at maaari ka nitong tulungang mas makapag-ipon pa.

Simulan sa pamamagitan ng pagguhit ng isang simpleng talahanayan – maaari mo itong gawin sa kwaderno o sa iyong cellphone.

Mga Halimbawa:

PETSA	DESKRIPSYON	GASTOS	KAILANGAN O GUSTO?
1 Peb	Mga bagong hikaw	\$10	Gusto
7 Peb	Load sa Pre-paid card	\$20	Kailangan
14 Peb	Bagong bag	\$20	Gusto
21 Peb	Pamasahe sa bus	\$2	Kailangan



Gumamit ng activity sheet sa pahina X upang simulang subaybayan ang iyong paggastos.

Tignan ang iyong talahanayan sa paggastos at tanungin ang iyong sarili: Ikaw ba ay gumagastos ng masyadong maraming pera? Malaki ba ang ginagastos mo sa “mga luho”? Paano nito naapektuhan ang iyong mga S.M.A.R.T. goal?

Tandaan, dapat mong unahin na bayaran ang iyong mga kailangan at gumastos lamang ng naaayon sa kakayanan mo.

Gumawa ng Badyet

Ang badyet ay isang plano ng paggastos na matutulungan kang subaybayan kung magkanong pera ang natatanggap mo at kung magkano ang maari mong gastahin bawat buwan.



Una, tanyahin ang iyong:

Kita

Ang natatanggap mo sa araw ng pahinga

Padala

Magkano ang kailangan mong ipadala sa inyo

Buwanang Mithiin ng Pag-iipon

Magkano ang kailangan mong ipunin upang makamit ang iyong mga mithiin

Pagkatapos, gamitin ang formula sa ibaba upang kalkulahin ang iyong balanse. Ito ang halaga na mayroon ka para sa paggastos bawat buwan.

\$ _____ - \$ _____ - \$ _____ = \$ _____

Kita

Padala

Buwanang mithiin
ng pag-iipon

Balanse

Sikapng sundin ang iyong badyet! Tandaan na ang pag-iipon sa isang buwan at paggastos nito lahat sa susunod na buwan ay hindi pag-iipon.

Mag-ipon Pa Bawat Buwan

Subukan ang ilan sa mga madaling tip sa pag-ipon:

- 1 Suriin ang iyong mga buwanang rekord upang malaman kung ang iyong ipon ay lumalago. Kung ang ipon mo ay hindi lumalago, bawasan ang iyong paggastos sa “mga gusto”.
- 2 Kapag lalabas ka sa iyong araw ng pahinga, dalhin lamang ang halaga ng pera na nais mong gastusin.
- 3 Huwag kang bibili ng mga bagay nang hulugan at na may mataas na interes o matukso sa “Buy Now Pay Later” dahil mapapagastos ka nang higit pa sa dapat mong gastusin.
- 4 Ilagak ang iyong ipon sa isang bank account kaysa sa cash para hindi mo ito magastos.



Huwag kang susuko! Ayos lang kung hindi mo makamit ang iyong mga mithiin bawat buwan. Pag-igihan pa para makapag-ipon pa lalo sa susunod na buwan at makabalik sa tamang landas.

Magbukas ng Bank Account

Wala ka pa ring bank account? Maaari kang magbukas ng POSB Payroll account sa online ngayon nang walang kahit anong minimum na deposito.

Ang isang bank account ay nag-aalok sa iyo ng mga benepisyong ito:

- Tignan ang mga talaan mo ng suweldo.
- Padaliin ang pamamahala sa iyong suweldo sa pamamagitan ng digital na mga serbisyo.
- Ipadala ang iyong suweldo sa inyo kahit na anong oras.
- Madali mong masubaybayan ang iyong paggastos.
- Itago ang iyong mga ipon sa isang ligtas na lugar upang tumubo ng interes.



Payroll Account ng POSB para sa mga Work Permit Holder | POSB Singapore

A cartoon illustration of a woman with dark hair tied back, wearing an orange t-shirt and teal shorts, holding a large green umbrella. She is standing in the rain, with several blue raindrops falling around her. The background is a light yellow gradient.

BAHAGI III: PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI AT ANG IYONG PERA

Protektahan ang Iyong Sarili mula sa mga Emergency

Bumuo ng emergency savings fund para makapaghandang sa mga hindi inaasahang pangyayari, gaya ng kapag kailangan mong magpadala ng pera sa inyo nang agaran upang bayaran ang gastusing medikal ng iyong mahal sa buhay.

Ang iyong emergency savings fund ay dapat 3 hanggang 6 na buwang halaga ng iyong buwanang gastos sa pamumuhay. Kung wala ka pa ni isang emergency savings fund, gawin mo itong pinakaunang S.M.A.R.T goal sa pag-iipon.

Makakatulong sa iyo ang pagkakaroon ng sapat na ipon para maiwasan ang mga sitwasyon kung saan kailangan mong humiram ng pera. Kung kailangan mo ng agarang pera ngunit wala kang sapat na ipon, pag-isipang makipag-usap sa amo mo para makahanap ng mga paraan upang masolusyonan ang problemang ito.



Kung kailangan mo ng payo tungkol sa mga bagay na pinansyal, maaari mong puntahan ang mga organisasyong ito:

MGA ORGANISASYON	WEBSITE/EMAIL	HOTLINE
Abdullah Life Counselling	www.adullam.org.sg	6659 7844
Arise2care Community Services	www.arise2care.sg	6909 0628
Blessed Grace Social Services	www.bgss.org.sg	8428 6377
One Hope Centre	www.onehopecentre.org	6547 1011



Alam Mo Ba?

Ang iyong work permit ay mawawalan ng bisa at pagbabawalan na makapagtrabaho sa hinaharap dito sa Singapore kapag umutang ka mula sa isang hindi-lisensyadong nagpapautang.

Huwag Mangutang mula sa Hindi-Lisensyadong Nagpapautang

Ang isang hindi-lisensyadong nagpapautang (kilala rin bilang “Ah Long” sa Singapore o usurero), ay isang tao o kompanyang ilegal na nagpapautang ng pera nang walang opisyal na opisina o permit upang magbigay ng pautang.

Karaniwan silang naniningil ng sobrang taas na rate ng interes, na ginagawang mahirap para sa iyo na bayaran ang iyong mga utang. Maaari ka ring maharass at pagbantaan kung hindi ka makakapagbayad ng iyong mga utang.

Huwag mong ilagay ang iyong sarili o ang iyong amo at ang kanilang pamilya sa kapahamakan dahil lamang sa pag-utang ng pera mula sa hindi-lisensyadong nagpapautang.


Alamin ang mga senyales na ito upang matulungan kang matukoy ang isang hindi-lisensyadong nagpapautang.

- Ang mga pautang ay iniaalok sa pamamagitan ng mga text, tawag, o mga social media platform.
- Ang transaksyon ng pautang ay ginanap online at hindi sa isang aprubadong mga lugar ng negosyo.

Mag-ingat sa mga Online Loan Scam

Kapag nakatanggap ka ng SMS o mensahe sa WhatsApp na nag-aalok ng serbisyong pagpapautang at hinihingan ka na magpadala ng pera bilang deposito bago maibigay sa iyo ang inuutang mo, malamang na scam ito.

Gawin ang mga hakbang upang iwasang maging biktima ng mga scam na pautang. Gawin natin ang **ACT** laban sa mga scam!



Check para sa potensyal na mga senyales ng scam sa pamamagitan ng pagtatanong, fact-checking ng personal na impormasyon at mga paglilipat ng pera at pagpatunay ng pagkalahitimo ng mga listahang online at mga review.

- Hayaan lang ang mga ganitong patalastas ng pautang. Huwag mag-reply sa mga mensaheng ito.
- I-block at iulat ang mga patalastas ng pautang sa WhatsApp.
- Huwag ibigay kung kanino man ang iyong personal na impormasyon gaya ng iyong bank account o numero ng pasaporte.

Tawagan ang mga awtoridad at iba pang kapwa kasambahay tungkol sa mga naka-engkwentrong scam sa pamamagitan ng pagsusumbong sa ScamShield app o sa pamamagitan ng paghahain ng ulat sa pulisya.

Kung mayroon kang mga katanungan, tumawag sa Anti-Scam hotline sa 1800 722 6688

Ang ScamShield ay isang mobile app na tumutulong para maiwasang matunton tayo ng mga scammer sa pamamagitan ng ating numero sa telepono.

I-scan ang QR code o i-click ang link upang
i-download ang ScamShield



ANDROID



IOS

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa ScamShield, pumunta lamang sa www.scamshield.org.sg/setup-guide.



Maging Positibo at Manatiling Bukas ang Isipan

Ang pamamahala ng pera at pagpapanatiling ligtas ito ay hindi madali. Minsan, maaari kang mawalan ng motibasyon at humarap sa mga pagsubok na iparamdam sa iyo na sumuko na. Natural ito. Ang paglipat sa isang bansa na malayo mula sa iyong pamilya at pagsisimula ng bagong trabaho ay mahirap.

Gayunpaman, ang iyong pananaw ay makakaapekto sa iyong abilidad na magtagumpay, kaya matutulungan ka ng pananatiling positibo at bukas ang isipan na mas makamtan ang iyong mga layunin.

Maging Positibo! Tignan ang susunod na pahina para sa listahan ng lokal na non-government organization na nagbibigay ng mga kursong pinansyal, mga aktibidad at suporta para sa mga Migranteng Kasambahay.

Sundan ang nakaka-inspire na paglalakbay ni Armi at ang kanyang “huwag-susuko” na ugali habang ginagawa niyang mga oportunidad ang mga pagsubok upang maabot ang kanyang mga pangarap!

<https://www.aidha.org/tipsandtools/armi/>



ORGANISASYON	WEBSITE	NUMERO NG PAGKONTAK
Aidha	www.aidha.org/	6341 5287
Alliance of Domestic Employees Outreach (ADEO)	https://adeo.sg/	6304 3482
Centre for Domestic Employees (CDE)	www.cde.org.sg	1800 225 5233
Foreign Domestic Worker Association for Social Support and Training (FAST)	www.fast.org.sg/ www.facebook.com/FAST.org.sg	1800 339 4357




AKTIBIDAD 1: GUMAWA NG SARILI MONG DREAM BOARD




i) Mga larawan ng mahal mo sa buhay

(ii) Mga bansa na nais mong puntahan



Maaari kang magdikit ng mga larawan ng iyong mahal sa buhay, mga cut-out mula sa mga magasin ng mga lugar na nais mong puntahan o kahit pa mga sulat-kamay na mga kasabihan. Maaari itong kahit na ano kung ito ay nagbibigay ng inspirasyon na makapag-apon ka!



(iii) Ang iyong pinapangarap na bahay

(iv) Kahit na anong bagay na magbibigay ng inspirasyon sa iyo para makapag-apon



AKTIBIDAD 2: ITAKDA ANG IYONG BUWANANG MITHIIN NG PAG-IIPON

S.M.A.R.T GOALAT KAKAILANGANING PERA	PANAHOON	TAUNANG MITHIIN NG PAG-IIPON	BUWANANG MITHIIN NG PAG-IIPON
			Kabuuan=

AKTIBIDAD 3: SUBAYBAYAN ANG IYONG BUWANANG PAGGASTOS

Ilagay ang ganito ✓ kapag “kailangan” o “gusto” ang isang bagay

PETSA	DESKRIPSYON	MGA HALAGA	GUSTO	KAILANGAN

Siguraduhin na nakatala ang bawat gastos, kahit na magkano pa iyan.

Espesyal na pasasalamat sa Aidha para sa makabuluhang kontribusyon nila sa nilalaman ng booklet na ito. Ang Aidha ay award-winning charity na nagsasagawa ng mga klase, maging ng mga libreng palihan tungkol sa matalinong paghawak ng pera para sa mga migrant domestic workers (MDW).



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mahahalagang kurso para sa mga MDW, bisitahin ang www.aidha.org.